Australian Government
Department of Home Affairs

Sa pahinang ito

- Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia
  - Mga lugar para sa ligtas na pagbibiyahe
  - Mga kondisyon kaugnay ng COVID-19 para sa ligtas na lugar magbiyahe ang mga flight mula sa New Zealand
  - Pagdating sa Australia
  - Suporta

Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia

Bago ka bumiyahe papuntang Australia, dapat mong kumpletuhin ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia nang hindi bababa sa 72 oras bago ang iyong pag-alis papuntang Australia.

Kinokolekta ng Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa Australia, mga detalye ng flight, mga kailangan sa pag-quarantine at ang lagay ng iyong kalusugan.

Tinutulungan ng impormasyong ito ang Pamahalaan ng Australia na matukoy ang mga pagsasaayos ng iyong pag-quarantine (kung kailangan) at pinapayagan din ang mga kaugnay na departamento ng kalusugan na makipag-ugnayan sa iyo kung may isang tao na nakasama mong magbiyahe ang nasuring positibo sa COVID-19. Kung hindi mo nakumpleto ang deklarasyon, maaaring hindi ka pasakayin sa iyong flight, o makakaranas ka ng mga pagkaantala sa iyong pagdating sa Australia.

Ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia ay para sa mga biyaherong ito na papasok sa Australia:

- Mga mamamayang Australyano at permanenteng residente
- mga taong may awtomatikong pahintulot sa mga paghihigpit sa pagbibiyahe
- mga taong nabigyan ng indibidwal na pahintulot sa mga kasalukuyang paghihigpit sa pagbibiyahe.
- Mga pasahero sa transit.

Kabilang sa mga biyaherong **hindi kailangang** gumawa ng Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia ang mga:

- mga tauhan sa eroplano
- mga banyagang diplomata
- mga taong nagbibiyahe sa mga pangsundalong flight

Ihanda ang impormasyong ito bago mo simulan ang iyong deklarasyon:

- mga detalye ng pasaporte
- impormasyon ng biyahe
- mga detalye ng destinasyon
- mga detalye sa pakikipag-ugnayan.

Kailangan mong gumamit ng up-to-date na Microsoft Edge, Safari, Google Chrome o Firefox. Hindi gumagana ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia sa Internet Explorer.

Kakailanganin mong gumawa ng account, na magbibigay-daan sa iyong pangasiwaan sa iisang lugar ang iyong mga deklarasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap. Gayunpaman, hindi mo puwedeng i-update ang mga sagot mo sa Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia sa sandaling isinumite mo na ito. Kailangan mong magsumite ng bagong Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia at burahin ang nauna. Kabilang dito kung may pagbabago sa iyong flight, lagay ng iyong kalusugan, o may pagkakamali ka.

Dapat kumpletuhin ng bawat nasa hustong gulang ang kanilang sariling deklarasyon. Gayunpaman, dapat kumpletuhin ng mga magulang ang deklarasyon ng alinman sa kanilang mga anak na wala pang 15 taong gulang.

Hindi mo kailangang magbayad para sa Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia — libre ito.

Sa sandaling makumpleto mo ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia, makakatanggap ka ng email na naglalaman ng mga detalye na puwede mong ipakita (nang elektroniko o naka-print) bago ka sumakay sa iyong flight at sa iyong pagdating sa Australia.

Ang resulta sa iyong email ay magkakaroon ng alinman sa:

- berdeng tugon (na may tick), kung hindi mo na kailangang mag-quarantine pagdating
- asul na tugon (na may hourglass), kung kailangan mong mag-quarantine pagdating
- pulang tugon (na may krus) kung tinukoy mong ikaw ay:
    - may sintomas na tulad ng sa COVID-19
    - naging malapit sa taong may sintomas ng COVID-19.
    - pumunta sa mga lugar na binabantayan (location of interest) sa New Zealand
    - hindi tumugon sa pangangailangang pagkakaroon ng negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 para makabiyahe sa Australia
- Para sa **mga pulang tugon**, magpapasya ang mga airline kung maaari kang bumyahe. Kung makakabyahe ka sa Australia, kailangan mong mag-quarantine pagdating.

PAALALA: Ang pagbibigay ng mali o nakakalitong impormasyon sa Gobyerno ng Australia ay isang seryosong krimen. Kung mahatulang nagkasala, pagkakakulong ng 12 buwan ang pinakamataas na parusa.

Pinahintulutan ng Departamento ang isang third party para mangolekta ng impormasyon sa Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia para dito. Ililipat ka mula sa page na ito patungo sa isang external na page ng Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia.

Sa sandaling isinumite mo ang iyong deklarasyon, makakatanggap ka ng email ng kumpirmasyon mula sa 'AU- Health Aero no-reply@health.aero'

Mag-apply online

Mga lugar para sa ligtas na pagbibiyahe

Ang lugar para sa ligtas na pagbibiyahe ay isang kasunduan sa isa pang bansa para magbiyahe papuntang Australia nang walang quarantine, kung hindi nanggaling ang biyahero sa isang lugar na may mataas na kaso ng COVID-19 sa nakaraang 14 na araw. Sa kasalukuyan, may kasunduan sa lugar para sa ligtas na pagbibiyahe ang Australia sa:

- New Zealand.

Mga kondisyon kaugnay ng COVID-19 para sa ligtas na lugar magbiyahe ang mga flight mula sa New Zealand

Kasalukuyang walang mga kondisyon ng COVID-19 para sa mga flight na walang quarantine (green zone) mula sa New Zealand.

Kailangang siguruhin ng lahat ng biyahero ang kaayusan sa parehong lugar ng kanilang pagdating at lugar na huling pupuntahan dahil maaaring kailanganin ang pag-quarantine.

Para sa higit na impormasyon, tingnan ang Department of Health: Payo para sa mga biyahero kaugnay ng Coronavirus (COVID-19).

Pagdating sa Australia

Mayroong mga berde at pulang lugar sa mga paliparan sa Australia para masiguro ang paghihiwalay ng mga pasaherong kailangang mag-quarantine pagdating.

Kung nagbiyahe ka sakay ng isang flight na walang quarantine, gagabayan ka papunta sa lugar na kulay berde para kumpletuhin ang lahat ng proseso sa clearance sa hangganan sa airport kung saan ka dumating papasok sa Australia.

Para sa higit pang impormasyon para sa mga biyaherong dumarating sa mga lugar na kulay berde at pula, tingnan ang website ng Department of Health.

Suporta

Kung nagkakaroon ng problema sa sistema ng ATD, mangyaring gamitin ang sumusunod para gabayan ka.

Hindi ako makagawa ng account sa ATD

Beripikahin ang iyong email bago ka gumawa ng account.

Pindutin ang 'send verification code' at tingnan ang iyong email. Ipapadala ang verification code mula sa noreply@cps.com.au

Unang hakbang: ilagay ang verification code at pindutin ang 'verify code'

Ikalawang hakbang: ilagay ang iyong password, display name at pindutin ang 'create'.

May bisa lamang ang verification code sa loob ng **4 na minuto mula nang matanggap**.

Ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia ay magta-time out pagkatapos ng **30 na minuto na kawalan ng aktibidad**.

Nai-log out ako o na-time out sa hindi pa tapos na ATD

Hindi ka makakapag-save ng hindi tapos na Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia.

Kung nag-time out ito bago mo makumpleto, kailangan mong mag-umpisa ng bagong Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia.

Hindi ako makakumpleto o makapagsumite ng ATD

Kung hindi mo magawa ang Hakbang 1, tingnan ang mga sumusunod:

- gumagamit ka ng Microsoft Edge, Safari, Google Chrome o Firefox. Hindi gagana ang Internet Explorer.
- alisin ang lahat ng espasyo o ano mang karakter maliban sa mga titik at numero mula sa field ng travel document number kapag maglalagay ng detalye ng pasaporte
- siguraduhing walang espesyal na karakter tulad ng mga hyphen (-) at apostrophe (') (gumamit lamang ng mga titik at numero sa mga field ng personal na impormasyon.)

- punan ang lahat ng kailangang field na markado ng pulang asterisk (*).

Kung hindi mo magawa ang Hakbang 2, tingnan ang mga sumusunod:

- Punan ang lahat ng mga kailangang field. Markado ito ng pulang asterisk (*).

Kung hindi mo magawa ang huling hakbang, tingnan ang mga sumusunod:

- pindutin ang link ng ‘Important Notice’
- i-tick ang kahon ng deklarasyon kung sumasang-ayon ka sa permiso
- pindutin ang ‘Submit’ sa ibaba ng screen.

Hindi ako nakatatanggap ng email ng kompirmasyon matapos magsumite ng ATD

Ang email ng kompirmasyon para sa iyong Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia ay magmumula sa AU-Health Aero (no-reply@health.aero).

Kung hindi mo makita ang email para sa resulta ng iyong Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia, tingnan ang iyong folder ng junk o spam.

Kung nakatanggap ka ng asul na email at nakabinbin, ito ang iyong pinal na resulta at kahit sinasabing ‘pending’ ito, wala nang aksyon na kinakailangan. Ang asul na tugon (na may hourglass) ay nangangahulugan na dapat kang mag-quarantine pagdating.

Maaari kang mag-log in sa iyong account sa Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia para makita mo ang iyong pagsusumite at resulta nito sa anumang oras.

Hindi ako makapag-log in sa aking account sa ATD matapos isumite ang Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia

Kung hindi ka makapag-log in sa isinumite mong Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia, maaari mong i-reset ang iyong password.

- pindutin ang ‘forgot your password?’ (sa ilalim ng field ng password sa screen ng login)
- ilagay ang iyong email address sa kailangang field.
- pindutin ang ‘submit’
- tingnan ang iyong email para sa link sa pagggpapalit ng password
- i-reset ang iyong password
- mag-log in sa isinumiteng Deklarasyon ng Pagbibiyahe sa Australia.

Ilagay nang tama ang mga detalye ng flight

Ilagay ang mga detalye ng flight na parating sa Australia. Makikita mo ito sa kompirmasyon ng iyong booking.

Ang tamang ayos ng mga flight number ay NZ103 (hindi NZ0103), QF2 (hindi QF002).

Hindi tamang paglagay ng pasaporte o iba pang mga detalye.

Hindi na maaaring baguhin ang ATD kapag naisumite na ang ATD. Epektibo lamang ang bawat deklarasyon para sa isang flight para sa biyaherong nakapangalan sa deklarasyong iyon.

Kapag naisumite mo na ang iyong ATD, hindi mo na maitatama ang numero ng iyong pasaporte. Kailangan mong gumawa ng bagong ATD mula sa iyong account ng ATD at burahin ang umiiral na ATD.

Para itama ang iba pang impormasyon gaya ng mga personal na detalye o petsa ng pag-expire ng pasaporte, kailangan mong gumawa ng bagong account sa ATD mula sa ibang email address at magsumite ng bagong ATD.

Mangyaring tandaan na kung hindi mo muling makumpleto ang ATD para itama ang iyong mga detalye ay hindi ito makakapag-antala o makakapigil sa iyo na makasakay sa iyong aircraft, napapailalim sa pagtugon ng mga partikular na kinakailangan ng airline.